



PATNUBAY SA MISA

7 Nobyembre 2021

Ika-32 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

Mabuhay ang mga Bukas-Palad!

Inaanyayahan tayo ngayong magnilay sa kahalagahan ng pagiging bukas-palad, mayaman man tayo o mahirap. Ang pagiging bukas-palad ng isang tao ay di nasusukat sa halagang ibinibigay, kundi sa kalooban ng nagbibigay.

Maraming paraan ng pagiging mayaman, kung paanong marami rin ang paraan ng pagiging dukha, pagkat hindi lamang ang kayamanang materiyal at salapi ang basehan sa maaaring ihandog ninuman.

Gayunman, ang pinakadakilang anyo ng kayamanan at pagiging bukas-palad ay ang magiliw na kalooban sa kapwa, na nagbibigay nang walang hinihintay na kapalit. Ang gayong kayamanang espirituwal kailanma'y hindi maaapektuhan ng anumang krisis pangkabuhayan pagkat ito ay sinasagutan ng bangko ng Diyos.

Sa Eukaristiyang ito, hilingin natin ang biyayang ito para sa ating sarili at lahat ng mahal natin sa buhay.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y iyong dinggin, pakinggan sa pagdalangin, tulungan sa aking daing. Pandinig mo ay ikiling sa pagluhog ko't paghiling.

Pagbati

P– Pagpalain ang Diyos, na bukal ng lahat ng yaman at kabutihan! Ang Kanyang biyaya ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisipi

P– Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, hilingin natin ang pagpapatawad ng Panginoon sa lahat ng ating mga kasalanan, lalo na sa ating di pagiging bukas-palad. (Manahimik saglit.)

P – Panginoong Hesus, naparito ka upang makibahagi sa ka-

rukhaan ng aming pagkatao at upang kami'y makabahagi sa kayamanan ng iyong kabangalan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, pinuri mo ang pagkabukas-palad ng mahirap na balo upang tularan namin ang kanyang halimbawa. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, ipinangako mo ang walang hanggang ganimpala kahit sa isang basong tubig lamang na ibinibigay, alang-alang sa pag-ibig sa iyo, sa isang nauhaw. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and email address for proper acknowledgment. Thank You!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, para mo nang awang ilayo sa amin araw-araw ang lahat ng mga sumasalungat sa amin at humahadlang upang ang aming buong katauhan ay magkaroon ng kalayaan para kusang sundin ang iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa 1 Ha 17:10-16

Sa pag-iwas sa paghihiganti ni Haring Acab, nakatagpo ng masisilungan at pagkain si Propeta Elias sa bahay ng isang mahirap na balong nakatira sa lupang dumaranas noon ng tagtuyot. Ginantimpalaan ng Panginoon ang pagkabukas-palad ng babae – tanda ng kasaganaan ng Kanyang paggantimpala sa pinakamaliit mang kagandahang loob sa nangangailangan.

L– Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ng mga Hari

Noong mga araw na iyon, si propeta Elias ay pumunta sa Sarepta, at nang papasok na siya ng pintuan ng lunsod, nakita niya ang balo na namumulot ng panggatong. Sinabi niya sa babae: “Maaari po bang makinom?” Aalis na ang babae upang ikuha siya ng tubig nang pahabol niyang sabihin: “Kung maaari, bigyan mo na rin ako ng kaunting pagkain.”

Sumagot ang babae: “Alam po ng Panginoon na iyong Diyos na wala na kaming tinapay. Mayroon po kaming kaunting harina at kapatak na langis. Namumulot nga ako ng maigatong upang lutuin iyon at makakain man lamang kami ng anak ko bago kami mamatay.”

Sinabi sa kanya ni Elias: “Huwag kang mag-alala. Humayo ka at gawin mo ang iyong sinabi. Ngunit ipagluto mo muna ako ng isang munting tinapay, at pagkatapos magluto ka ng para sa inyo. Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, Diyos ng Israel: Hindi ninyo mauubos ang harina sa lalagyan at hindi rin matutuyo yaong langis sa tapayan hanggang hindi sumasapit ang talagang takdang araw na ang ula’y marapating papatakin ng Maykapal.”

Ginawa nga ng babae ang utos

ni Elias at sila’y kumain – si Elias at silang mag-ina. At hindi nga naubos ang harina sa lalagyan, at hindi natuyo ang langis sa sisidlan, tulad ng pangako ng Panginoon sa pamamagitan ni Elias.


Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 145

B – *Kalul’wa ko, ‘yong purihin ang Panginoong butihin!*

R. M. Velez



* Ang maaasahang lagi’y Panginoon, panig sa naaapi, ang Diyos na hukom, may pagkaing handa, sa nangagugutom. **B.**

* Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang niya’y nililingap. **B.**

* Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila’y doon tumatahan; tumutulog siya sa balo’t ulila, masamang balangkas pinipigil niya. **B.**

* Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion! **B.**

Ikalawang Pagbasa Heb 9:24-28

Sa sipi ngayon, ang mayakda ng Liham sa mga Hebreo ay patuloy sa pagpuri sa pagiging saserdote ni Kristo. Binibigyan niya ng diin ang pambihirang kapangyarihan ng kanyang minsanang pag-aalay sa sarili at ang kanyang maluwalhatang pagbabalik para sa kaligtasan ng lahat ng sumasampalataya sa kanya.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Pumasok si Kristo, hindi sa isang Dakong Banal na ginawa ng tao at larawan lamang ng tunay, kundi sa langit. At ngayo’y nasa harapan siya ng Diyos at namamagitan para sa atin.

Ang dakilang saserdote ng mga Judio ay pumapasok sa Dakong Banal taun-taon, may dalang dugo ng

mga hayop. Ngunit minsan lamang pumasok si Kristo upang ihandog ang kanyang sarili, at iya’y sapat na. Kung di gayon, kailangan sanang siya’y paulit-ulit na mamatay mula pa nang matatag ang sanlibutan. Subalit minsan lamang siyang napakita, ngayong magtatapos na ang mga panahon, upang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng haing kanyang inihandog.

Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom. Gayon din naman, si Kristo’y minsang inihandog bilang hain upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya’y muling darating, hindi upang ihandog na muli dahil sa kasalanan kundi upang iligtas ang mga naghihintay sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 5:3

B – Aleluya! Aleluya!

Mapalad ang mga dukha na tanging D’yos na lumikha ang pag-asa at adhika. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 12:38-44

Sadyang napakalayo sa kasakiman ng “nagpapasasa sa mga naipon ng mga balo” ang nakaaantig na pagbibigay ng mahirap na balong naghandog sa kabang yaman ng Templo ng lahat niyang ikabubuhay. Ang halimbawa niya ay isa ring makapangyarihang pampasigla sa lahat ng nag-aakalang wala silang gaanong maitutulong sa iba.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang pagtuturo, “Mag-ingat kayo sa mga eskriba na mahilig maglalakad nang may mahabang kasuutan at natutuwang pagpugayan sa mga liwasan. Ang ibig nila’y ang mga tanging luklukan sa mga sinagoga, at ang mga upuang pandangal sa mga piging. Inuubos nila ang kabuhayan ng mga babang balo, at ang sinasangkala’y ang pagdarasal nang mahaba! Lalo pang bibigat ang parusa sa kanila!”

Umupo si Hesus sa tapat ng hulugan ng mga kaloob doon sa templo, at pinagmasdan ang mga taong naghuhulog ng salapi. Maraming mayayamang naghulog ng

malalaking halaga. Lumapit naman ang isang babaing balo at naghulog ng dalawang kusing na katumbas ng isang pera. Tinawag ni Hesus ang kanyang mga alagad at kanyang sinabi, "Sinasabi ko sa inyo: ang dukhang balong iyon ay naghulog ng higit sa kanilang lahat. Sapagkat ang iba'y nagkaloob ng bahagi lamang ng hindi na nila kailangan, ngunit ibinigay ng balong ito na dukhang-dukha ang buo niyang ikabubuhay."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Pinasisigla ng mga papuri ni Hesus sa hamak na abuloy ng mahirap na balo, manalangin tayo para sa lalong dakilang pagkabukas-palad para sa ating sarili at lahat ng sangkatauhan. Sama-sama tayong manalangin:

B – Panginoon, turuan mo kaming maging bukas-palad!

* Para sa Pangkalahatang Simbahan: Nawa lagi siyang maging maningning na halimbawa ng

pagiging bukas-palad at paglayo sa mga materiyal na bagay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa at lahat ng mga pinunong relihiyoso: Nawa sila'y laging maging maningning na halimbawa sa pakikitungo nila sa mga dukha at api. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinunong pambayan: Nawa ituring nila ang kapangyarihan bilang isang pagkakataong makapaglingkod sa pamayanan, sa halip na isang bukal ng karangalan at pakinabang para sa kanilang sarili. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mahihirap sa ating bayan: Magkamit nawa sila ng matibay na tulong ng pamayanan, habang sila nama'y nakikiisa rin sa lalong nangangailangan sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng biktima ng mga natural na pamiminsala at mga walang tahanan: Nawa agad silang matulungan sa kanilang kasalukuyang pangangailangan at matulungan sila sa kanilang marangal na pagbabagong buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Nawa tayo'y magbigay ng ating panahon, talento, at yaman nang taos-puso para sa kapakanan ng Simbahan at ng mga taong nangangailangan. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Hesus, gawin mong dalisay ang aming hangarin at palawakin ang aming malasakit upang tuwina naming tularan ang iyong pagkabukas-palad na naghandog ng iyong sarili para sa aming lahat at ngayo'y nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B – Amen!



P – Manalangin kayo. . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ng mga natitipon dito upang ang aming ginaganap na pag-aalay ng sarili ng Anak mo ay aming pakinabangan sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo VII

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Nilooob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayon mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Si Kristo ay gunitaang sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin. . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pastol kong nagtataguyod ang Panginoong aking D'yos, di ako maghihakos, pagkai'y kanyang kaloob, inumin ay kanyang dulot.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, tinatanaw naming utang na loob

ang banal na pakikinabang at iniluluhog naming ang Espiritu Santo ay mag-umapaw sa kalooban naming kanyang tinitigib ng iyong kadakilaan upang ang iyong kagandahang-loob ay manatili sa amin palagian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Itulot nawa ng Diyos na

maging bukas-palad kayo sa pagtulong sa mga dukha.

B—Amen!

P—Iadya Niya nawa kayo sa labis na karukhaan at sa lahat ng panganib na pisikal at moral.

B—Amen!

P—Gantimpalaan Niya nawa ang lahat ninyong pagbibigay at kahandaang tumulong sa mga nangangailangan.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon.

B—Salamat sa Diyos!

ANG KADAKILAAN NG "MALILIIT NA TAO"

Jess P. Balon • Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD

May pambihirang pagkakahawig ng pagkabukas-palad ng balong ito na pinuri ni Hesus sa sipi ng Ebanghelyo ngayon at ng balo ng Sarepta (na malamang ay isang pagano), na nagbahagi kay Elias ng kaunting natitira para sa kanilang mag-ina. (Sangguniin ang Unang Pagbasa.)

Ang handog nila ay higit pa sa simpleng pagbibigay. Iyon ay isang pagpapatunay ng pananampalataya, ng lubos na pag-asa sa pagkalinga ng Diyos, pagkat ibinigay nila ang lahat ng kanilang ikabubuhay. (Sangguniin Mc 12:44.) Inihandog nila iyon nang buong pagmamahal – tahimik na pagmamahal ng mga simpleng taong ang tanging yaman at pag-asa ay ang Diyos.

May kapansin-pansing pagkakaiba ng dikilalang balo sa Ebanghelyo natin ngayon at ng mga sakim na eskribang "umuubos sa kabuhayan ng mga babaeng balo at ang sinasangkala'y ang pagdarasal nang mahaba." (Mc 12:40)

Taglay ng salaysay na ito ang isang hamon sa ating lahat: ang hamong tumulad sa pagkabukas-palad, pananampalataya, at pag-ibig ng mahirap na balo. Nahaharap tayo sa gayon kailanma't natutukso tayong maging labis-labis na nag-aalala sa ating mga materyal na pangangailangan sa hinaharap. Kung gayon ang ating pag-iisip, napakahirap para sa ating magbahagi ng ating kayamanan sa mga dukha at mag-ambag para sa pangangailangan ng Simbahan. Dapat nating

paglabanan ang ganitong panganib sa pamamagitan ng lubos na pananalig sa pagkalinga ng Diyos.

Taglay rin ng una at ikatlong pagbasa ang isang mensahe ng pag-asa at pampalubag-loob – isang pag-asa na nakaugat, una sa lahat, sa katiyakang alam at pinahahalagahan ng Diyos ang kahit na maliliit na pagpapakita ng kabaitang malimit na makaligtaan o hamakin ng tao. Wala Siyang iiwang walang gantimpala sa anumang inihandog nang tapat. Di tulad ng marami sa atin, ang Diyos ay tumitingin sa intensiyon, sa halip ng sa halagang handog o sa bungang natamo.

Nangangahulugan itong ang pinakamahirap man ay maaaring maging mayaman sa mata ng Diyos sa pamamagitan ng paghahandog nang may malinis na hangarin. Walang tinatanggihan ang Panginoon sa inihahandog sa Kanya nang dahil sa pagmamahal. Gayon ang pinagbabatayang paniwala ng Kilusang "Pondo ng Pinoy." Sukat ngang masabing higit na pinahahalagahan ng Panginoon ang mga mumo ng mahihirap kaysa malalaking buslo ng tinapay na alay ng mayayaman.

Ang gayong masuyong pagpapahalaga ng Diyos sa maliliit at waring walang gaanong halaga ay mailalapat di lamang sa mga materyal na hain, kundi lalo na sa mga handog na di materyal na gaya ng mga simpleng paggalang, pakikitungo, pakikiisa, pagpapatawad, pagpapaumanhin, at pagmamahal... sa ating buhay. Walang nawawala sa ating iniaalay sa Diyos. Nananatili ang bunga nito sa atin at napararami pa.



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, J. Domingo, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua